# Bagong Kamalayan Sa Kontemporaryong Musika Sa Pilipinas

Ramon P. Santos

## TUNGO SA KATUTUBONG MUSIKA

Kung susuriin ang mga katangian ng kontemporaryong musika sa Pilipinas, lalabas na ang tinutungo nito'y halu-halong istilo at direksyon. Nagpapatunay ito sa haluang katauhan ng Pilipinong hinubog at hinuhubog pa rin hanggang ngayon ng iba't ibang kulturang dinala ng mga sumakop sa atin. Patuloy pa rin ang pagdagsa ng mga awiting hango sa istilo ng kundiman. Mayroon pa ring sumusulat ng mga musikang simponika at mga operang humihilig sa idyoma at damdaming romantiko o impresyonista, ng mga kantang makabayan at martsa na nagpapaalaala sa rebolusyonaryo at madigmang panahon ng ating kasaysayan. Huwag nang banggitin pa ang matindi at sobrang hilig ng mga kabataan sa rock at iba pang mga musikang galing sa Amerika na nagpapatotoo at nagpapatibay sa napakalakas na impluwensya hanggang ngayon ng kulturang Amerikano sa pagkatao at pag-iisip ng mga Pilipino. Kasabay nito, mapapansin ding unti-unting namumulat ang madla sa "di- kristyanong" musika sa Pilipinas. Ito'y bunga ng pagsisikap ng mga musiko at mananaliksik sa ilang paaralan at pamantasang nagbibigaydiin sa pag-aaral ng katutubong musika sa Pilipinas, Asya at Aprika, kapantay ng pag-aaral sa musika at sining ng Europa at Amerika.

Sa larangan ng pagkatha, mapapansin din sa ilang kompositor dito ang pagtuklas ng mga bagong idyoma ng pagsulat sa pamamagitan ng paggamit ng mga tunog na katutubo. Subali't